

PAHINA NG PAYO

Pagkakasunod-sunod para sa Oras ng Meryenda

Maraming mga bata ang kailangan ang tulong sa pagkatuto sa bagong mga kasanayan. Ang isa-isahin ang mga hakbang na ito sa mga bata ay makatutulong sa kanila na matutunan ito. Ang bilang ng hakbang sa ksaanayan o gawain ay hinahati depende sa pangangailangan ng iyong anak.

Maaaring gusto mong bigyan ang iyong anak ng visual na pagkakasunod-sunod. Ito ay mga serye ng mga litrato na nagpapakita ng mga hakbang na kailangan para makumpleto ang mga gawain. Maaari kang gumamit ng mga tunay na litrato, mga guhit na linya, o litrato ng mga simbolo. Kapag gagamit ng visual na pagkakasunod-sunod, ilagay ito na

kapantay ng mata ng iyong anak, ituro ang litrato, at basahin ng malakas bago tapusin ang aksyon.

Maari ka ring gumamit ng mga litrato para makagawa ka ng laro ng pagkakasunod sunod. Maglimbag ka lang ng mga litrato, gupitin ito, at hayaan ang iyong anak na magsanay na ilagay ito ayon sa pagkakasunod sunod. Maaari ka ring gumawa ng laro ng pagpaparehas sa pamamagitan ng paggawa ng dalawang kopya ng pagkakasunod-sunod. Idikit ang isang kopya sa piraso ng papel na nasa tama ang pagkakasunod-sunod at hayaan ang iyong anak na ipareha ang mga kard.

Narito ang halimbawa ng pagkakasunod-sunod sa' oras ng meryenda' na gagamitin sa bahay:



umupo



kumain




uminom



itapon ang basura



**ilagay ang pinagkainan
sa lababo**




Narito ang halimbawa ng pagkakasunod-sunod ng 'oras ng meryenda' na magagamit sa eskwelahan:

kunin ang backpack



kunin ang meryenda



kumain



uminom



itapon ang basura



ibalik ang backpack

